| | | | |
|---|---|---|---|
| **ASIGNATURA:** | Edukasyon sa Pagpapakatao | **BAITANG:** | 5 |
| **MARKAHAN:** | Una | **PANGKAT:** | |
| **PAMANTAYAN SA PAGKATUTO:** | Nakapagpapahayag nang may katapatan ng sariling opinyon/ ideya at saloobin tungkol sa mga sitwasyong may kinalaman sa sarili at pamilyang kinabibilangan | **CODE:** | EsP5PKP – Ig - 34 |

**Pangalan:** ______________________________________________ **Petsa:** ____________________

## <u>GAWAIN 7</u>

**I. PANUTO: Basahin at unawain ang mga sumusunod na pahayag. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot.**

1. Nakita mo na nabasag ng kapatid mo ang baso. Galit na galit ang nanay mo at pinapaamin kung sino ang may gawa nito. Sinabi mo na ang kapatid mo ang nakabasag. Tama ba ang iyong ginawa?
   A. Oo , kahit masakit sa kalooban dahil yun ang totoo.
   B. Hindi, kasi pagagalitan ng nanay mo ang kapatid mo.
   C. Akuin na lamang ang nagawang kasalanan ng kapatid.
   D. Hindi magsasalita hangga’t hindi tinatanong ng nanay.

2. Sino sa mga sumusunod na bata ang nagpapakita ng pagiging matapat?
   A. Si Shiela ay may proyekto sa EPP. Humingi siya sa nanay niya ng pambayad na higit sa halaga ng nasabing proyekto.
   B. Nalimutan ni Jess na gawin ang takdang aralin sa Math. Nang hinanap ng kaniyang guro ang kaniyang kuwaderno, sinabi niyang nawawala ito.
   C. Kahit hindi inuutusan at walang nakatingin, pinupulot ni Pete ang mga kalat sa loob ng kanilang silid-aralan.
   D. Tumakbong pangulo si Janet sa Supreme Pupil Government. Inayunan niya ang mga kapartido na magpakopya ng mga balota para madagdagan ang boto nila.

3. Mahiyaing bata ang iyong katabi kaya hindi siya nakikisama sa kahit anong gawain sa inyong klase. Ano ang sasabihin mo sa kaniya?
   A. “Kung ayaw mong sumali, isusumbong kita sa ating guro.”
   B. “Halika, sumali ka sa talakayan namin upang hindi ka nag-iisa diyan.”
   C. “Paano ka nakakapasa e hindi ka naman nakikilahok sa lahat ng gawain?”
   D. “Mas maganda pa ngang hindi ka na lang sumali, wala ka namang alam.”

4. Nakita mong may malaswang pinapanood sa internet ang iyong kuya at niyaya ka niyang manood. Siya ay matanda lamang sa iyo ng dalawang taon. Ano ang sasabihin mo?
   A. “Sige, kuya. Babalik po ako.”
   B. “Ikaw na lang kuya. May gagawin pa ako.”
   C. “Masama iyang pinapanood mo kuya. Itigil mo na iyan.”

D. “Sige, kuya. Manood ka lang diyan habang wala pa sila nanay.”

5. Napabalita sa telebisyon na paparating ang isang malakas na bagyo at madadaanan ang inyong lugar. Dapat mo ba itong sabihin sa iyong mga magulang?

A. Hindi na kailangan sapagkat nanonood din naman sila ng balita.
B. Oo, upang makapaghanda rin sila para sa mga kakailanganin namin kapag dumating ang bagyo.
C. Oo, kasi obligasyon ng anak na ipaalam lagi sa mga magulang ang anumang impormasyong nakalap.
D. Hindi, sapagkat malalaman din naman ng mga ito ang tungkol sa bagyong darating mula sa mga kapitbahay.

**B. PAGBIBIGAY NG OPINYON O SALOOBIN:**

**Panuto: Suriin ang bawat sitwasyon. Ipahayag nang may katapatan ang sariling opinyon/ ideya at saloobin tungkol sa bawat pangyayari o sitwasyon.**

1. Nakita mong inilagay sa tapat ninyo ang basura ng inyong kapitbahay. Nagpalinga-linga muna ito bago inilagak doon ang isang tumpok basura. (5 puntos)

2. Nasaksihan mo ang pagdukot ng isang mama sa bag ng isang aleng mayaman habang ikaw ay naglalakad patungong eskuwelahan. May natanaw kang presinto ng pulis malapit sa kinaroroonan ninyo. (5 puntos)